OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 9-7-23 Time: 2:25

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-120

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT OFFICE OF THE PRESIDENT, NA KAKATAWANIN NINA ASSISTANT SECRETARY CARLOS A. BERSAMIN AT AL-AZREE J. MOHAMMADSALI, NA NAUUKOL SA PAGBIBIGAY TULONG PINANSYAL SA BAYAN NG BUSTOS DAHIL SA EPEKTO NG HABAGAT NA PINAIGTING NG BAGYONG EGAY AT FALCON."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan na mabigyang pahintulot na lumagda sa isang memorandum of agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Office of the President;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ay nauukol sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa bayan ng Bustos lalu't higit sa mga mamamayang Bustosenyo na nasalanta ng nakaraang sakunang dulot ng habagat at bagyo;

**SAPAGKA'T**, sa masusing pag-aaral ng Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan ay napatunayang ang kasunduang ito ay labis na makakatulong sa mga mamamayang Bustosenyo sa pamamagitan ng Disaster Relief Operation sa mga lugar na lubhang apektado ng nakaraang sakuna.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan ng pahintulot ang Punong Bayan na Bustos, Igg. Francis Albert G. Juan na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos na lumagda sa

Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Office of the President na kakatawanin nina Assistant Secretary Carlos A. Bersamin at AL-Azree Mohhamadsali, na nauukol sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa Bayan ng Bustos dahil sa epekto ng habagat na pinaigting ng bagyong Egay at Falcon.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-29 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-29 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim